Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/20

Mga sagot sa Pagtukoy ng Kayarian ng Pangungusap

Panuto: Isulat ang titik **P** sa patlang kung ang kayarian ng pangungusap ay *payak*, **T** kung ito ay *tambalan*, at **H** kung ito ay *hugnayan*.

P 1. Ang pangulo ay umakyat sa entablado at nagbigay ng talumpati.

H 2. Mamamasyal kami sa plaza pagkatapos namin magsimba.

T 3. Malalaki ang mga silid-tulugan at malinis ang malaking bakuran.

H 4. Pumasok ang mga bata nang marinig nila ang tunog ng kampanilya.

T 5. Ang blusa ay maganda ngunit hindi ito kasya sa akin.

H 6. Kung wala akong kasama, hindi ako papayagan na umalis ng bahay.

H 7. Nahuli sa klase si Tom dahil hinatid pa niya ang kanyang kapatid.

T 8. Kumakain ng almusal si Kuya Noel at nagbibihis si Ate Sonia sa kuwarto.

P 9. Nagpatahi ng bagong uniporme si Natalie sa kanyang tita na modista.

P 10. Alamin natin ang mga karapatan ng bawat batang Filipino.

T 11. Papaliguan namin ang aso o didiligan namin ang mga halaman.

P 12. Pinapakain ni Aling Puring ang inahing manok at ang mga sisiw.

H 13. Ako ang susundo sa iyo kapag may pupuntahan si Nanay.

P 14. Nahuli ng mga pulis ang lalaki na napaghinalaang nagnakaw ng mga alahas.

T 15. Unti-unting nauubos ang mga puno at nawawalan ng mga tirahan ang mga hayop.

H 16. Hindi tayo makakaalis habang malakas pa ang buhos ng ulan.

P 17. Mahilig mag-alaga ng iba't ibang hayop ang kapatid ko.

H 18. Dahil masipag at desidido siya, nakatayo siya ng sarili niyang negosyo.

T 19. Umalis ako sa bahay nang maaga subalit wala akong masakyan na dyip.

P 20. Kapayapaan at kaayusan ay nais ng mga mamamayan sa Mindanao.